Republika ng Pilipinas
Lalawigan ng Laguna
**BAYAN NG SANTA CRUZ**

**TANGGAPAN NG SANGGUNIANG BAYAN**

SINIPI SA KATITIKAN NG KARANIWANG PULONG NG KAGALANG-GALANG SANGGUNIANG BAYAN NG SANTA CRUZ, LALAWIGAN NG LAGUNA NA IDINAOS SA BATASANG BAYAN NOONG OKTUBRE 1, 2007, ARAW NG LUNES, SA GANAP NA IKA-9:20 NG UMAGA.

DUMALO:

| | | |
|---|---|---|
| KGG. ALAN T. PAMATMAT | . . . . . . . . . | PANG. PUNONG BAYAN |
| Kgg. Louie C. de Leon | . . . . . . . . . | Kagawad<br>Gumanap na Tagapangulo |
| Kgg. Ramon D. Tan | . . . . . . . . . | Kagawad |
| Kgg. Jun M. Asinas | . . . . . . . . . | Kagawad |
| Kgg. Romulo A. Elca | . . . . . . . . . | Kagawad |
| Kgg. Laura P. Obligacion | . . . . . . . . . | Kagawad |
| Kgg. Ricardo B. Ramirez | . . . . . . . . . | Kagawad |
| Kgg. Roselon F. Pamatmat | . . . . . . . . . | Kagawad |
| Kgg. Angelito U. Limjuco | . . . . . . . . . | Kagawad |
| Kgg. Alden A. Sulit | . . . . . . . . . | Kagawad – Pangulo /Liga ng mga Barangay |

DI-DUMALO

| | | |
|---|---|---|
| Kgg. Mike Jomel M. Ombico | . . . . . . . . . | Kagawad – Pangulo / Sang. Kabataan |

**KAPASIYAHAN BLG. 134-T'07**

**KAPASIYAHANG PINAGTITIBAY ANG KAHILINGAN NI G. ARTHUR CABALLES NA MAKAPAGDAOS NG PASABONG (THREE- STAG DERBY) SI G. RENE SANTOS SA OKTUBRE 6, 2007 SA ARGEM SPORTS COLISEUM, BARANGAY BUBUKAL NG BAYANG ITO.**

**SAPAGKA'T,** iniharap at tinalakay ng sangguniang ito ang kahilingan ni G. Arthur Caballes na makapagdaos ng pasabong ( three- stag derby) si G. Rene Santos sa Argem Sports Coliseum sa Oktubre 4, 2007;

**SAPAGKA'T,** matapos na ito ay matalakay at malaman na ang bahagi ng kikitain ay ilalaan para sa tuluyang gamutan ay ipinasya ng Tagapamuno ng Lupon sa Libangan na irekomendang pagtibayin na ito.

**KUNG KAYA'T, DAHIL DITO,** sa mungkahi ng Kgg. Kag. Ricardo B. Ramirez, na pinangalawahan ng Kgg. Kag. Roselon F. Pamatmat at sa buong pagsang-ayon at pagkakaisa ng lahat na ngayo'y kaharap, ay

**PINAGPASIYAHANG**: Pagtibayin ang kahilingan ni G. Arthur Caballes na makapagdaos ng pasabong (three-stag derby) si G. Rene Santos sa Oktubre 6, 2007 sa Argem Sports Coliseum, Brgy. Bubukal ng bayang ito.

**INIUUTOS:** Na padalhan ng sipi ng kapasiyahang ito ang Kgg. Punong Bayan, Pambayang Ingat-Yaman, Kagawaran ng Pulisya, Business Permits and License Office at Tagapangulo ng Argem Sports Coliseum, lahat sa bayang ito, para sa kanilang kabatiran at kaukulang hakbang.

**PINAGTITIBAY.**

**PINATUTUNAYAN** kong tumpak at wasto ang nasasaad sa kapasiyahang ito.

ORIGINAL SIGNED

**JEANETTE P. ALFONSO**
Kalihim ng Sangguniang Bayan

NAGPATOTOO:

ORIGINAL SIGNED

**KGG. LOUIE C. DE LEON**
Kagawad
Gumanap na Tagapangulo

PINAGTIBAY:

ORIGINAL SIGNED

**KGG. ARIEL T. MAGCALAS**
Punong Bayan